
# Balitang Manmin

BILANG 158 HUNYO 19, 2016


# Ipagdiwang ang Ika-29 na Anibersaryo ng *Balitang Manmin*!




Balitang Manmin, inilalathala sa 32 mga wika

Naipahayag na ng Balitang Manmin ang pinakaunang kapangyarihan ng Diyos na Manlilikha, ang ebanghelyo ni Jesu-Cristo, at ang pagkilos ng Banal na Espiritu sa lahat ng sulok ng mundo. Itinuro nito ang daan ng kaligtasan sa lahat ng tao mula sa lahat ng bansa. Sa taong ito, ika-29 na anibersaryo ang ipinagdiwang nito.

Noong Mayo 17, 1987, inilathala ang pinakaunang edisyon na may titulong "Manmin Joong-ang News." Inilathala ito bawat buwan. Noong Enero 1991, naglabas ng edisyon sa wikang Ingles. Noong Oktubre 1991, habang dumadami ang mga miyembro ng iglesya at ang mga nagbabasa nito, sinimulan itong ilathala dalawang beses sa isang buwan kasabay ng ika-9 na anibersaryo ng iglesya. Noong Oktubre 2009, ika-27 anibersaryo ng iglesya, inilathala ang ika-400 edisyon, at tinawag na itong 'Manmin News' (Balitang Manmin). Magmula noon, inilalathala na ito bawat linggo. Dalawang paraan ang paglalathala nito, diyaryo at internet.

Sa pagdiriwang ng ika-30 anibersaryo ng iglesya noong Nobyembre 2012, sinimulan ang paglalathala sa internet sa www.manminnews.com. Isinasalin at inilalathala ito sa 32 wika: Koreano, Ingles, Chinese na tradisyunal at Chinese na ginawang simple, wikang Hapon, Kastila, Ruso, Pranses, Hebreo, Tamil, Hindi, wikang Indonesian, Portuguese, Mongolian, Thai, Tagalog, Bisaya, Arabo, Estonian, Ukrainian, Vietnamese, Urdu, Dutch, Bulgarian, Finnish, Danish, Swedish, Burmese, Nepali, German, Italiano, at Sinhala. Napakarami na ngayong pwedeng magbasa ng Balitang Manmin, kahit saan, kahit kailan.

Ang diyaryong inilalathala sa mga wikang binanggit ay lumalabas bawat linggo, dalawang beses sa isang buwan, buwanan, at isang beses sa loob ng tatlong buwan, depende sa situwasyon ng lugar. Nakakatulong sa paglago ng pananampalataya ng mga miyembro ang nilalaman nito. Dahil dito, binabasa at inaabangan ng mga tao ang Balitang Manmin sa ibang bansa at sa Korea.

Sinabi ni Diakonesa Hyangran Kim, "Binasa ko ang *Balitang Manmin* na nasa tabi ng kama ko noong nasa ospital ako, dumalo ako sa Manmin Central Church. Pinakinggan ko ang sermon at tinanggap ko ang panalangin para sa mga maysakit. Hindi nagtagal, nawala ang matinding pananakit ng braso ko at naging tuwid ang daliri kong baluktot. Nakakamangha!"

Ayon naman kay Diakono Byeongwoo Bae, mula sa Busan Manmin Church, "Nang makakuha ako ng kopya ng *Balitang Manmin* na ipinapamigay sa kalye, hinanap ko ang website ng iglesya, pinakinggan ko ang mga sermon ni Dr. Lee. Naantig nito ang damdamin ko. Noong makita ko ang mga makapangyarihang pagkilos na katulad noong panahong binabanggit sa Biblia, hindi ako makapaniwala."

Sinabi ni Ping Ping Wong, mula sa Singapore Manmin Church, "Mabuti at punong-puno ng kaalaman ang *Balitang Manmin*, magaganda ang litrato dito. Nakakakuha ako ng mga espirituwal na kaalaman at natutuklasan ko ang mga solusyon sa mga problema. Lumalago ang pananampalataya ko habang binabasa ko ang mga patotoo. Pwede akong mamili mula sa napakaraming edisyon kung alin ang gagamitin ko kapag nagbabahagi ako ng ebanghelyo. Ibinabagay ko ito sa taong babahagian ko."

Pasalamatan at luwalhatiin natin ang Diyos na gumagabay sa Balitang Manmin magpahanggang ika-29 anibersaryo nito. Taos-puso din naming pinasasalamatan ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa suportang ibinibigay niya, ang mga namamahala sa paglalathala nito, ang lahat ng taong nananalangin para dito, at ang mga taong gumagamit ng Balitang Manmin sa pagbabahagi ng ebanghelyo.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"At nilalang ng PANGINOONG Diyos ang tao mula sa alabok ng lupa, at hiningahan ang mga butas ng kanyang ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging buhay na kaluluwa." (Genesis 2:7)

# Nilikha ng Diyos ang Tao

Inilalarawan ng unang kabanata ng Genesis ang proseso ng paglikha ng Diyos ng langit, lupa, at ng lahat ng bagay na narito, pati na ang sangkatauhan. Sa pangalawang kabanata naman, sinasabing nilikha ng Diyos ang Halamanan ng Eden at dinala doon ang unang nilalang. Pag-aralan natin kung bakit nilalang ng Diyos ang tao.

## 1. Nilalang ang tao ayon sa Larawan ng Diyos

Mababasa sa Genesis 2:7, "At nilalang ng PANGINOONG Diyos ang tao mula sa alabok ng lupa, at hiningahan ang mga butas ng kanyang ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging buhay na kaluluwa." Kung ang ibang bagay sa sansinukob ay nilalang ng Diyos sa pamamagitan ng Salita, ang tao ay personal Niyang hinubog mula sa alabok sa lupa. Nilalang ng Diyos ang tao nang walang mali, at naging buhay na kaluluwa ito pagkatapos Niyang hingahan ang mga butas ng ilong nito ng hininga ng buhay.

May mga taong hindi naniniwala, sinasabing, "Paano kikilos at mabubuhay ang isang anyong hinubog mula sa alabok sa lupa?" Pero isipin ninyo ang mga robot, mga computer, mga artipisyal na bahagi ng katawan, o artipisyal na balat. Nagagawa ng tao ang mga ito, at siyempre, kaya ng Diyos lumikha ng tao. Dahil may limitasyon ang isip nila, hindi sila makapaniwala sa kapangyarihan ng Diyos.

Pagkatapos lalangin si Adan at Eva, ibinigay sa kanila ng Diyos na Manlilikha ang binhi ng buhay kaya nagkaroon sila ng mga inapo. Mayroong 'sperm' ang lalaki at mayroong 'egg' ang babae, at lahat ng katangian tulad ng anyo, pagkatao, talino, ugali, at iba pa, ay narito. Ang mga anak ay kahawig ng mga magulang. Sino ang kahawig ni Adan na siyang ama ng sangkatauhan?

Mababasa sa Genesis 1:27, "Kaya't nilalang ng Diyos ang tao ayon sa Kanyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Diyos siya nilalang. Sila'y kanyang nilalang na lalaki at babae," Si Adan ay nilalang ayon sa larawan ng Diyos. Bukod sa panlabas na anyo, ang espiritu ng tao ay nagmula rin sa Diyos, katulad ito ng espiritu ng Diyos. Isang buhay na kaluluwa si Adan.

Tulad ng espiritu ng Diyos, ang espiritu ni Adan ay puno ng kabutihan, liwanag, at katotohanan. Pagkatapos kumain ni Adan mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama, at nagkasala sa Diyos, lahat ng mga inapo niya ay nalugmok sa kasalanan at kasamaan. Nawala sa kanila ang kabanalan ng Diyos.

## 2. Ang Dahilan Kung Bakit Nilalang at Pinangangalagaan ng Diyos ang Sangkatauhan

Kung hahanapin at iintindihin natin ang kasagutan sa tanong na, "Bakit tayo naririto?" dapat muna nating masagot ang katanungang, "Bakit tayo nilalang ng Diyos, at bakit at paano Niya pinangangalagaan ang sangkatauhan?" Maraming talinhaga sa Biblia ang tumutukoy sa pangangalaga ng lupa at pag-aani ng mga pananim. Sa Mateo 13, itinulad ni Jesus sa apat na iba't ibang klaseng lupa ang puso ng tao. Sa talinhaga tungkol sa 'trigo at ipa' sa Mateo 3 at talinhaga tungkol sa 'mga damo' sa Mateo 13, sinasabi sa atin ng Biblia ang tungkol sa darating na paghuhukom.

Sa mga talinhagang makikita sa Biblia, sinasabi ng Diyos sa atin na ang kalooban Niya sa paglalang ng sangkatauhan at ang pamamahala sa kasaysayan ng mundo ay katulad ng pangangalaga ng lupa at pag-aani ng mga pananim mula dito. Kung nagbubungkal ng lupa ang isang magsasaka para magkaroon ng magandang ani, pinangangalagaan tayo ng Diyos ngayon.

Nais ng Diyos magkaroon ng mga tunay na anak na mabibigyan Niya ng pagmamahal. Sa isang banda, may taglay Siyang kamangha-manghang kapangyarihan at hukom Siya na dapat katakutan. Sa kabilang banda, mayroong Siyang tunay na awtoridad at mahigpit na katuwiran na nakikita sa Kanyang pag-ibig, awa, habag, at iba pa. Dahil ang Diyos ay sumasaya, nalulungkot, o dumadaing tulad ng tao, sa halip na mag-isa nais Niyang magkaroon ng mamahalin.

Mayroon na Siyang napakaraming hukbo at mga anghel na katabi Niya sa kalangitan. Pero nais Niyang magkaroon ng mga tunay na anak na susunod sa Kanya dahil sa pagmamahal sa Kanya at ayon sa sarili nilang kalooban.

Ipagpalagay nating sa bahay ninyo, may robot kayo na gagawin ang lahat ng bagay na ipinagagawa ninyo at mayroon kayong anak na nagiging problema ninyo, pero habang siya ay lumalaki, magpapasalamat siya sa kabaitan at pagmamahal ninyo, at mamahalin din kayo. Sa dalawang ito, alin ang magiging mas mahalaga sa inyo? Kahit napakamasunurin ng robot, hindi ito maikukumpara sa anak ninyo dahil nagmamahalan kayo nito. Tulad nito, nilalang ng Diyos ang sangkatauhan dahil nais Niyang magkaroon ng mga anak na susunod at taos-pusong magmamahal sa Kanya.

## 3. Ang Trigo at ang Ipa

Kahit napakamasigasig ng pagtatrabaho ng magsasaka, pagdating ng tag-ani, pareho niyang aanihin ang trigo at ang ipa. Pero, dahil hindi pwedeng kainin ang ipa, at makakasira ito sa trigo kapag isinama sa kamalig, gagawin na lang itong pataba o susunugin.

Tulad nito, kapag tapos na ang pangangalaga ng sangkatauhan, ihihiwalay ng Diyos ang trigo sa ipa. Mababasa sa Mateo 3:12. "Nasa kamay Niya ang Kanyang kalaykay at lilinisin Niya ang Kanyang giikan. Titipunin Niya ang Kanyang trigo sa kamalig, subalit ang ipa ay susunugin Niya sa apoy na hindi mapapatay." Ang itinutukoy na "apoy na hindi mapapatay" dito ay ang apoy ng Impiyerno.

Sa panahong pipiliin ng Diyos, sa mga huling araw ng panahon, tatapusin Niya ang pangangalaga ng sangkatauhan, hahatulan Niya ang bawat isang nabuhay dito sa mundo. Sa Paghuhukom, ang mga tulad ng ipa ay itatapon sa apoy ng Impiyerno.

Ang "trigo" ay tumutukoy sa mga taong tumanggap kay Jesu-Cristo at sumunod sa Salita dahil minamahal nila ang Diyos. Masigasig sila sa pagwawaksi ng mga kasalanan at kasamaan at ng pagbawi ng wangis ng Diyos. Sa kabaliktaran, ang "ipa" ay tumutukoy sa lahat ng mga hindi nagtiwala sa Diyos at hindi tumanggap kay Jesu-Cristo bilang sariling Tagapagligtas.

Dapat ninyong tandaan na hindi lahat ng dumadalo sa simbahan ay "trigo." Kung hindi nila susundin ang Salita ng Diyos at sa halip ay nabubuhay ayon sa mga makamundong hangarin, sila ay mga "ipa" sa mata ng Diyos. Ito ang dahilan kung bakit sinabi ni Jesus sa Mateo 7:21, "Hindi lahat ng nagsasabi sa Akin, 'Panginoon, Panginoon', ay papasok sa kaharian ng langit, kundi ang gumaganap ng kalooban ng Aking Ama na nasa langit."

Nais ng Diyos na malaman ng lahat ng tao ang kalooban Niya, maging mga "trigo", at maligtas (1 Kay Timoteo 2:4). Dahil dito, ibinigay Niya sa atin ang bugtong na Anak Niya para mamatay sa krus para sa atin.

Sa kabila ng lahat ng ito, ang mga nagpapatuloy sa kasalanan at hindi tumatanggap kay Jesus bilang Tagapagligtas ay hindi mababawi ang tunay na halaga nila bilang mga nilalang ng Diyos sa wangis Niya. Parang mga ipa sila. Hindi pwedeng ipunin sa Langit ang mga ipa. Masisira ang Langit kung papayagang pumasok dito ang mga taong puno ng galit, selos, kasibaan, alitan, at iba pang kasamaan.

Anong mangyayari sa mga taong hindi papapasukin sa Langit? Dahil imortal ang espiritu ng bawat tao, hindi ito maglalaho. Iipunin sila, at walang hanggang ikukulong sa Impiyerno, at bilang kabayaran sa sukat ng kasalanan nila, tatanggapin nila ang kaukulang parusa sa apoy ng Impiyernong hindi namamatay (basahin ang Hell, na isinulat ni Dr. Jaerock Lee para sa mga karagdagang impormasyon).

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na maging tulad nawa kayo ng trigo, mga tunay na anak ng Diyos, tularan ang Diyos at magkaroon ng banal na puso. Nawa ay makibahagi kayo sa pag-ibig Niya at tumahan sa Langit magpakailanman.






## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Hindi Namin Malilimutan ang Pagpapalang Ibinigay ng Diyos sa Manmin

Bilang pagdiriwang sa ika-29 anibersaryo ng Balitang Manmin, basahin natin ang kasaysayan ng Manmin sa mga nakaraang artikulo.

Edisyong Koreano, Bilang 462, Disyembre 26, 2010


02-1 생명의 말씀 마음을 새롭게 하자
02-2 교회소식 이웃과 함께한 따뜻한 연말
03 특 집 창조의 신비, 육각형
04 간 증 "우리는 주님이 너~무 좋아요"

만민뉴스
제462호 2010년 12월 26일 (주간)
MANMIN NEWS
교회 대표전화 02-818-7000
www.manmin.org

"우리 모두 주님의 아름다운 마음을 닮고 싶어요"
새 예루살렘을 향한 전 성도 '영적 회복' 운동 전개

Nagsagawa ng kampanya ang mga miyembro ng Manmin, "Let's Go to New Jerusalem" (Tayo na sa Bagong Jerusalem), na lubos na nagpabago ng buhay nila bilang mananampalataya. Napagtanto nila habang isinasagawa ang kampanya ang tungkol sa malalim na pag-ibig ng Diyos na nangangalaga sa sangkatauhan dito sa mundo.

Noong Disyembre 2010, malaki ang ginawang pagsasakripisyo nang may pagmamamahal ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, para dalhin ang mga miyembro ng kanyang iglesya sa lunsod ng Bagong Jerusalem. Sa pagmamahal niya na siyang pinagkukunan ng lakas ng mga miyembro, kusang-loob nilang sinimulan ang kampanya ng muling pagpapasigla ng espiritu, umasa sila na mabawi ang nawalang larawan ng Diyos.

Gumawa sila ng listahan: pagbabasa ng Biblia, mas malalim na pag-aaral ng napakinggang mensahe, pananalangin, masusing pag-aaral ng mga aralin sa internet, at paggawa ng kabutihan. Lahat ng miyembro ay sumali sa kampanyang ito, misyon ng Kalalakihan at Kababaihan, mga kabataan, at mga estudyante. Misyon para sa Kolehiyo ang nagsimula ng kampanyang ito.

## Pagkatapos ng Kampanyang Pagsulong sa Bagong Jerusalem...

Sinabi ni Pastor Lira Chung (Pastor ng Parokya 1 at 2, Presidente ng College Mission noong panahong iyon), "Napaiyak at nalungkot ang Punong Pastor dahil sa mga natanggap na sulat tungkol sa pagsisisi ng mga miyembro ng iglesya noong taong 2010. Naantig ang damdamin namin, sinimulan naming bayaran ang sakripisyo at pag-ibig niya sa pamamagitan ng pagbabagong buhay. Naglista kami ng pitong bagay na dapat naming gawin para makalayo sa kamunduhan at mapuspos ng espirituwal na mga bagay. Nagdesisyon ang mga lider ng maliliit na grupo at ng misyon na sundin ang listahang ito, hindi nagtagal, sumunod na rin ang ibang mga miyembro."

Nagdaos si Dr. Jaerock Lee ng 'pagpupulong sa maliliit na grupo para sa banal na pagpapagaling' tuwing Linggo para sa mga estudyanteng nasa mataas na paaralan at kolehiyo. Tinuruan niya ang mga ito kung paano pamamahalaan ang mga buhay nila, at tinalakay ang mga bagay na hindi napag-uusapan kapag nasa harapan siya ng buong kongregasyon, praktikal at detalyado ang ginawa niyang pagtuturo, ginamitan niya ito ng mga malinaw na halimbawa. Kapag araw ng Linggo, gumigising siya ng madaling araw, naghahatid siya ng mensahe sa Pagsamba sa Umaga at sa Gabi, at humaharap pa sa ibang mga bagay. Pero pagkatapos niyang gampanan at asikasuhin ang mga nakatakdang gawain, pinamumunuan pa rin niya ang mga pagpupulong nang buong lakas. Damang-dama ng mga miyembro ng iglesya ang pagmamahal niya.

Magmula noon, niloob ng Diyos para sa iglesya ang mabilis na daloy ng espiritu patungo sa pagiging espirituwal at banal at patuloy silang pinagpapala para magkaroon sila ng pusong tapat at may buong katiyakan (basahin ang Balitang Manmin Bilang 718).

Anim na taon na ang lumipas, maraming miyembro ng iglesya ang lumago nang mabilis. Maraming tumayo sa bato ng pananampalataya at naging espirituwal at banal. Mayroon na silang mahalagang tungkulin sa iglesya.

Bilang 718, Edisyong Koreano, Disyembre 27, 2015


01 교회소식 한해를 돌아보며
02 생명의 말씀 하나님의 선물, 은혜
03 아듀! 2015 송년특집 1 온 영의 흐름을 타다
04 송년특집 2 우리가 체험한 전능하신 하나님

만민뉴스
제718호 2015년 12월 27일 (주간)
MANMIN NEWS
교회 대표전화 02-818-7000
www.manmin.org

우리를 변화시킨 삼위일체 하나님의 사랑!
무수한 변화의 열매로 대망의 2016년을 준비하다

Bilang 121, Edisyong Koreano, Disyembre 1, 1996


만민중앙소식

무궁화 1호 위성을 통한 위성선교 시대 개막
오는 12월 15일 『전국 지교회 동시 화상예배』 실시

Noong Disyembre 15, 1996, nagsimula ang pagbobrodkast ng pagsamba ng Manmin Central Church sa lahat ng sangay na iglesya sa Korea sa pamamagitan ng Mugunhwa satellite No. 1, Korea.

Pwede na ngayong dumalo kahit na sino, kahit nasaan man sila, sa mga pagsamba sa tulong ng website ng iglesya www.manmin.org. Pero noong nakaraang dalawampung taon, malaking biyayang espirituwal para sa mga miyembro ng mga sangay na iglesya na makapakinig ng mensahe ni Dr. Jaerock Lee mula sa Manmin Central Church.

Sinabi ng Punong Diakonesa Eunyi Yang, Presidente ng Misyon para sa mga Kababaihan, Daejon Manmin Church, "Parang panaginip lang. Bumili ako ng mga cassette tapes ng mga sermon niya para mapakinggan ang mga ito. Nang magkaroon ng video ang mga pagsamba, may pagkakataon na akong makinig ng mensahe kasabay ng mga ibang miyembro ng Manmin Central Church. Dahil dito, lumago ang mga espiritu namin."

## Sabayang Pagbobrodkast ng mga Pagsamba ang Naglunsad ng GCN

Ang komite ng pagbobrodkast ay binuo para mapanood ang mga pagsamba ng lahat ng mga sangay na iglesya. Ito ay paghahanda sa darating na panahon kung saan malaki na ang bahagi ng 'telecommunication' at 'multimedia'. Noong taong 1996, sinimulan na ang sabayang pagbobrodkast ng mga pagsamba, at noong taong 2000, inilunsad ang Manmin TV (GCN ngayon).

Noong taong 2000, para makibahagi sa mga krusada ni Dr. Lee sa ibang bansa ang mga miyembro ng iglesya, sinimulan ang pagbobrodkast ng Manmin TV sa Korea. At noong taong 2004, bumisita sa iglesya ang ilang brodkaster ng Christian TV, binuo nila ang Global Christian Network. Noong Oktubre 2005, sinimulan ng GCN ang pagbobrokast.

Ang mga pagsamba ng iglesya ay dinadaluhan ng mga tao sa buong mundo sa pamamagitan ng pagsamba sa internet at pagpapalabas ng GCN sa mahigit 170 mga bansa.

Matagal nang minimithi at idinadalangin ni Dr. Lee ang pinakamabisang paraan ng pagbabahagi ng ebanghelyo ng kabanalan sa pamamagitan ng pagbobrodkast. Sinimulan ng iglesyang tuparin ang pangitaing ito sa sabayang pagpapalabas ng mga pagsamba. Ipinagpapatuloy ang ministeryo ng pagbobrodkast ng GCN. Dinadala ng ministeryong ito ang mga kaluluwa sa daan patungo sa kaligtasan, malaki ang bahagi nito sa pagtupad ng Dakilang Habilin ng Panginoon.

Bilang 722 Edisyong Koreano, Enero 24, 2016


01 교회소식 성령의 역사가 살아 있는 예배
02 생명의 말씀 끝이 없는 권능의 제단
03 기획특집 참된 신뢰란 무엇인가?
04 간증 "신기하고 놀라운 하나님의 역사~"

만민뉴스
제722호 2016년 1월 24일 (주간)
MANMIN NEWS
교회 대표전화 02-818-7000
www.manmin.org

말씀과 권능, 천국 소망으로 변화되는 감동의 시간!
"GCN 방송 및 인터넷을 통해 전 세계 만민이 함께해요"

# Luminis at Kuminis ang mga Binting Sinira ng Malalang Sakit sa Balat

Bilang 297 Edisyong Koreano, Agosto 28, 2005




Noong taong 2005, labingisang taon na ang nakalipas, awang-awa ang mga miyembro ng iglesya sa kalagayan ng tatlong taong gulang na si Yeji. Nababalutan ng nana, dugo, at mga sugat na nagtutubig ang dalawang binti niya, ni hindi ito matingnan ng mga miyembro. Pero gumaling siya dahil sa makapangyarihang panalangin, nagalak silang lahat at sabay-sabay nilang niluwalhati ang Diyos.

Ayon sa ama ni Yeji na si Diakono Hyungseon Kim, 44 taong gulang, Parokya 12, "Sa simula, nagkaroon ng mga paltos ang mga binti niya. Pumunta kami sa ospital para alamin kung ano ang dahilan. Sinabi ng doktor na mayroon siyang impeksyon na dala ng virus, malala na ang kalagayan niya. Sinabi ng doktor na may eksema (atopic dermatitis) ang anak ko, at walang gamot para dito."

Inalala niya ang malungkot na pangyayari. Isang gabi, nagsimula si Yeji sa pagkakamot ng katawan niya, at ang mga bahaging apektado ay parang nasunog. Pinigilan nila ang pagkakamot nito, tinalian pa nila ang mga braso nito para hindi makapagkamot.

Habang nananalangin sila sa Diyos, natanto ng puso nila ang katotohanang natutuhan nila; kadalasan, ang mga karamdaman ng mga anak ay dahil sa mga kasalanan ng mga magulang. Sinuri nila ang mga sarili nila at nagsisi ng lubos. Kulang ang pagmamahal nila sa Diyos at palagi silang may alitan.

Noong Hulyo 15, tinanggap ni Yeji ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee. Pagkatapos, naging maaliwalas ang mukha niya at huminto siya sa pagkakamot. Pero nagtutubig pa rin ang mga bahaging apektado ng eksema, nalalaglag ang mga langib, at kumakalat pa ito. Pinayuhan sila ng mga tao na ipagamot na ang bata o kaya sumubok ng mga tradisyunal na panggagamot. Pero, umasa at nanampalataya sila sa Diyos.

Noong Hulyo 22, tinanggap nila ang panalangin ni Dr. Lee sa pangalawang pagkakataon. Huminto ang pagtutubig, natanggal ang mga langib at nagkaroon ng bagong balat. Hindi nagtagal, wala nang natirang sugat. Noong Agosto 4, sa loob ng tatlong linggo, ganap na ang paggaling niya.

Si Yeji, na nakaranas ng malaking pagpapala ng Diyos ay lumaking maayos, nasa ika-7 baitang na siya ngayon. Pinupuri siya ng mga guro dahil siya ay matalino, may magandang kalooban, at may konsiderasyon para sa ibang tao. Mahusay siya sa P.E., tumatanggap siya ng premyo sa mga kumpetisyon ng luksong-lubid.

Sinabi ni Yeji, may ngiti sa labi, "Nagpapasalamat ako sa Diyos, sa Panginoon, at sa pastol na nanalangin para sa akin. Pinagaling ako ng Diyos, maganda na ako dahil sa Kanya."



▲ Si kapatid na Yeji Kim, nasa ika-7 baitang na sa eskwelahan (gitna), ang ama niyang si Diakono Hyungseon Kim, at ang ina niyang si Diakonesa Heeyoung Kang, at mga kapatid niyang sina Yejeong at Yerim



Dr. Gilbert Y. Chae,
Presidente ng WCDN,
isang surihano

▲ Nagdudulot ng matinding pangangati ang impetigo contagiosa kaya't hindi mapigilan ng mga pasyenteng maysakit nito ang pagkakamot ng mga apektadong bahagi. Magkakaroon ng mga sugat ang mga bahaging kinamot, matutuyo, at pagkatapos magdudugo at magkakaroon ng nana. Paulit-ulit na mangyayari ito. Kailangan nila ng antibyotiko, at kung lalala pa ito, kakalat ang impeksyon sa buong katawan. Baka maging dahilan ito ng kakulangan sa tubig o balisang pagtulog, apektado ang buong pamilya. Pero pagkatapos ipanalangin, gumaling ang pangangati ni Yeji. Naglangib ang mga sugat niya at nagkaroon ng panibagong balat. Hindi ito maipaliliwanag ng makabagong medisina, tanging kapangyarihan ng Diyos ang kumilos dito!

***

▼ Kapag pumutok ang appendix at kumalat ang impeksyon, at nagkaroon ng hangin o kabag, kakalat ang mga mikrobyo sa buong katawan, bababa ang presyon ng dugo at malalason ang dugo. Malaki ang posibilidad na mamatay ang taong maysakit nito. Pero napagtagumpayan niya ang kritikal na kalagayan, gumaling siya dahil sa pananampalataya. Totoong kamangha-mangha.

# Halos Ikamatay Niya ang Pagputok ng Kanyang Appendix, pero Naranasan Niya ang Isang Himala Dahil sa Pananampalataya

Naranasan ng isang miyembro ang mahimalang paggaling dahil sa Diyos siya umasa kahit nasa peligro na ang buhay niya. Maraming miyembro ang humanga sa kanya. Ito ay si Diakonesa Haeok Choi (48 taong gulang, Chinese Parish).

Bilang 384 Edisyong Koreano, Pebrero 22, 2009




Noong Disyembre 10, 2007, habang sa China pa siya naninirahan, napansin niyang lumalaki ang ibabang bahagi ng tiyan niya. Parang pumutok ito at nakaranas siya ng matinding pananakit. Dahil hindi na siya makatulog sa sakit, pumunta siya sa ospital.

Sinabi ng doktor sa kanya na malapit nang pumutok ang appendix niya, dapat siyang maoperahan agad. Pero, ayaw niyang umasa sa paraan ng mundo sa pagpapagaling, gusto niyang gumaling ayon sa kapangyarihan ng Diyos.

Naranasan na niya ang paggaling ng nakausling buto sa gulugod at pagkahilo dahil sa pananalangin ni Dr. Lee. Bukod dito, nakita niya ang paggaling ng maraming tao mula sa iba't ibang klaseng karamdaman at sakit sa loob at labas ng Korea. Tinanggap niya ang panalangin ni Dr. Lee para sa mga maysakit na naka-record sa Automated Response System, uminom din siya ng Muan Sweet Water. Gayon pa man, matinding pananakit pa rin ang nararamdaman niya, nahirapan siyang huminga.

Noong Disyembre 17, muli siyang nagpasuri, lumala ang kondisyon niya. Pumutok na ang appendix niya at nagkaproblema na ang ibang bahagi ng katawan niya dahil dito. Namaga na ang tagiliran niya dahil sa impeksyon, at ang bato, atay, at ang paligid ng mga ito ay apektado na. May kasamang dugo ang ihi niya at hindi siya makapaglabas ng hangin sa katawan. Ang karamdaman niya ay tinawag na 'retroperitoneal necrotizing fasciitis', epekto ito ng malalang pagputok ng appendix. Sinabi ng doktor na kung hindi pa siya magpapaopera, isang porsiyento na lang ang tsansang mabubuhay pa siya. Pero naisip niya, na kung magpapaopera siya, hindi niya maipapakita ang tunay na pananampalataya. Nagdesisyon siyang ipagkatiwala ang lahat sa Diyos. Nanalangin siya habang nakalapat ang makapangyarihang panyo sa tiyan niya (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Noong Disyembre 19, may naramdaman siyang pagbabago sa katawan niya kahit parang malapit na siyang mamatay. Parang lason ito na lumabas mula sa katawan niya sa pamamagitan ng ihi, utot, at dumi. Kinabukasan, guminhawa ang pakiramdam niya, maayos na ang paglalakad niya. Naging malusog siya.

Kapag inaalala niya ang pangyayaring ito sa buhay niya, sinasabi niya, "Hindi ko alam kung paano ako nagkaroon ng lakas ng loob at naging matapang. Naniniwala ako na nagmumula ito sa pagpapala ng Diyos."

At sinabi pa niya, "Bago pumunta sa simbahan, madalas maysakit ako, nakaswero. Pero magmula nang gumaling ako mula sa peritonitis, malusog na ako. Ni hindi na ako sinisipon. Dati, hindi dumadalo sa mga pagsamba ang asawa ko, pero ngayon, sinusunod niya ang buong Sabbath at nagkakaloob siya ng buong ikapu."

Ibinabahagi niya ang tungkol sa pag-ibig ng Diyos bilang lider ng Chinese Parish.



## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714